| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JUNE 30 – JULY 4, 2025 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalalaman* | Nauunawaan ang kasaysayan ng kinabibilangang pook bilang bahagi ng mas malawak na komunidad | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng kasaysayan at pagbabagong nagaganap sa kinabibilangang komunidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natatalakay ang mahahalagang tao, lugar, at pangyayari na bahagi ng kasaysayan ng pook (hal. barangay, bayan, lungsod, lalawigan, rehiyon) na kinabibilangan | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natatalakay isa-isa ang mahahalagang tao na bahagi ng kasaysayan ng kinabibilangang komunidad batay sa:<br>a. Pamamahala<br>b. Edukasyon | 1. Natutukoy ang mga mahahalagang tao sa larangan ng kalusugan at sining na bahagi ng kasaysayan sa kinabibilangang komunidad<br>2. Napapahalagahan ang mga mahahalagang tao sa sariling komunidad. | 1. Natatalakay ang mga mahahalagang ambag ng mga kilalang tao sa larangan ng pampalakasan na nakapagpayaman sa kasaysayan ng kanilang komunidad.<br>2. Nabibigyang-halaga ang mga mahahalagang tao sa larangan ng pampalakasan | 1. Nakagagawa ng likhang- sining na nagpapakita ng mga ambag at kontribusyon ng mahahalagang tao sa kasaysayan sa kinabibilangang komunidad |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Mahahalagang Tao sa Larangan ng Politika at Edukasyon sa Kinabibilangang Komunidad** | **Mahahalagang Tao sa Larangan ng Sining sa Kinabibilangang Komunidad** | **Mahahalagang Tao sa Larangan ng Kalusugan at Pampalakasan sa Kinabibilangang Komunidad** | **Paggawa ng mga Likhang- Sining na Nagpapakita ng Mahahalagang Tao sa Kinabibilangang Komunidad** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Contextualized AP III Resource Book - R9 | Contextualized AP III Resource Book -R9 | Contextualized AP III Resource Book -R9 | Contextualized AP III Resource Book R9 NCCA SubCommission |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | NCCA SubCommission on Cultural Heritage Cultural Mapping Program<br>Isabela City de Basilan | NCCA SubCommission on Cultural Heritage Cultural Mapping Program<br>Isabela City de Basilan | NCCA SubCommission on Cultural Heritage Cultural Mapping Program<br>Isabela City de Basilan | on Cultural Heritage Cultural Mapping Isabela City de Basilan |
| *B. Iba pang Kagamitan* | | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | A. Panimula<br>1.Magpakita ng larawan nina Jose Rizal, Lapu- Lapu, Andres Bonifacio.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br><br>Kilala ba ninyo kung sino ang mga nasa larawan? Ano ang tawag sa kanila? Bakit sila tinaguriang bayani ng bansa?<br>(Tinaguriang bayani sina Jose Rizal, Andres Bonifacio at Lapu lapu dahil sa kamangha-manghang gawain na nagawa nila para sa bansa | A.Panimula Gawain:<br>Maghanda ng mga larawan ng mga mahahalagang tao sa komunidad at idikit ito sa pisara. Tumawag ng ilang bata at papiliin ng larawan ng mga ito.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>Sino ang iyong paboritong mahahalagang tao? Bakit mo ito naging paborito?<br><br>Ibabahagi ng bata kung bakit paborito ang napiling larawan ng mahalagang tao. | A. Panimula<br>Balik-aral<br>Gawain: **Paint me a Picture**<br>Panuto:<br>1. Pangkatin ang mga bata sa 5 grupo at ibigay ang kanilang task na nakasulat sa papel.<br>2. Gagawin ng mga bata kung ano ang hinihingi sa larawan ngunit hindi tio dapat malaman ng ibang grupo.<br>3. Huhulaan ng ibang grupo kung sino ang hinihinging mahahalagang tao sa komunidad ang ipinapakita sa gawain.<br><br>*Tala para sa Guro:*<br>*Para sa gawain na ito, i-lolocalize ang nilalaman ng task.* | A.Panimula<br>**Awit-Suri**:<br>1. Pakinggan ang bahagi ng awiting Tagumpay Nating Lahat ni Lea Salonga.<br>"Tagumpay Nating Lahat"<br><br>"Sama sama nating abutin<br>Pinakamatayog na bituin At ang<br>aking tagumpay Tagumpay ng aking<br>lahi Tagumpay ng aking lipi Ang<br>tanging minimithi at<br>hinahangad<br>Hangad ko'y tagumpay nating<br>lahat".<br><br>2. Pagkatapos ng pakikinig sa awit, itanong ang sumusunod:<br><br>Pamprosesong Tanong: |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tulad pakikipaglaban para sa Kalayaan ng bansa.<br><br>At noong Marso 28, 1993, sa bisa ng EO No.75, itinatag ni dating Pangulong Fidel V Ramos ang National Heroes Commission na naglalayong kumilala at magrekomenda ng mga lokal na bayani dahil sa kakaibang katangian at kontribusyon sa bansa).<br><br>Batay sa kanilang mga katangian, may kilala ba kayo sa inyong lugar na nagtataglay din ng ganito?<br><br>Ano sa palagay mo ang mga katangian ng isang bayani o mahahalagang<br>tao sa inyong komunidad? | | Task: Ito ang mga nasa papel.<br><br>Group 1 – Datu Halun<br>Bada Asakil Group<br>2 – Josephine<br>Estrada<br>Brown<br>Group 3- Uwang Ahaddas<br>Group 4 – Ambalang<br>Ausalin Group 5<br>– Tranquilino<br>Gregorio: | Ano ang ipinapahiwatig sa awitin?<br>Ano ang kahulugan ng tagumpay nating lahat batay sa iyong<br>pag-unawa?<br>Paano mo maiuugnay ang mensahe ng awitin sa mga nagawang ambag o kontribusyon ng mga mahahalagang tao sa ating komunidad?<br>Pagkatapos, ipaawit sa mga bata ang bahagi ng awiting pinakinggan. |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sabihin:<br>Alam ba ninyo na mayroong mga mahahalagang tao na hindi nag-alay ng buhay sa digmaan, inalay naman ang sarili para mapaunlad ang sariling komunidad?<br>Ngayong araw, pag-aaralan natin ang mga mahahalagang tao na<br>bahagi ng kasaysayan sa | Ating tatalakyin at kilalanin ang mga mahahalagang tao sa larangan ng sining na naging bahagi ng kasaysayan dahil sa kanilang natatanging ambag sa komunidad. | Atin namang kilalanin ang ilang mahahalagang tao sa ating komunidad na naging bahagi ng kasaysayan dahil sa mga naging kontribusyon nila sa larangan ng pampalakasan | Nakagagawa ng likhang- sining na nagpapakita ng mga ambag at kontribusyon ng mahahalagang tao sa kasaysayan mula sa kinabibilangang komunidad |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | larangan ng politika at edukasyon | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing- Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Gawain: Magpakita ng isang video clip tungkol sa mahahalagang tao sa sariling komunidad sa larangan ng politika at edukasyon.<br><br>*(Maaari ang guro gumawa ng sariling niyang video clip tungkol sa mahahalagang tao sa sariling komunidad).*<br><br>Panuto:<br>Ipapanonood sa mga mag- aaral ang isang maikling video clip na nagpapakita ng mga ambag ng mahahalagang tao sa sariling komunidad sa larangan ng politika at edukasyon.<br><br>Paalala sa guro:<br>Kung hindi available ang video clips, maaaring magpakita ng mga larawan at mga naging kontribusyon ng mga ito.<br><br>(Gawing batayan ang kalakip na teksto tungkol<br>sa mga katangian at naging tagumpay ng mga | Magsagawa ng isang Laro pinamagatang<br>**“Talentadong Pinoy”**<br>Panuto:<br>1. Ipangkat ang mga mag-aaral ayon sa kanilang hilig:<br>A - Mahilig sa Pagguhit Magpaguhit ng isang Larawan ng hospital sa pisara.<br><br>B - Mahilig sa Pag-arte Magpagawa ng pantomina ng isang kabayanihan.<br><br>C - Mahilig sa Pag- awit magpakanta ng isang awit na may mensahe ng kabayanihan.<br><br>D- Mahilig Tumula Magpabigkas ng tula na may mensahe ng kabayanihan.<br><br>2. Bigyan ng 2 minuto<br>ang bawat pangkat para gawin<br>ang Gawain.<br><br>Pamprosesong Tanong: | Ipakita ang larawan nina Manny Pacquiao at Allysa Valdez<br><br>Larawan ni Manny Pacquiao<br>Larawan ni Alyssa Valdez<br>Larawan ng health workers<br><br>Pamprosesong Tanong:<br><br>Sino sino ang mga nasa larawan? Ano ang kanilang ambag sa komunidad para kilalanin ang kanilang kagalingan?<br>Sila ba ay maituturing nating mga mahahalagang tao?<br>Bakit?<br>Batay sa kanilang mga katangian, may katulad ba sa inyong lugar na kagaya nila?<br><br>Ipakita ang mga larawan ng mga mahahalagang tao sa komunidad sa | Gawain A: **Bihisan Mo!**<br>Panuto:<br>1. Bigyan ang bawat grupo ng pattern,colored paper,scissors at paste.<br>2. Bibihisan nila ang pattern ng mga mahahalagang tao sa kanilang komunidad.<br>3. Bibigyan ng 3 minuto upang gawin ang gawain.<br>4. Pagkatapos, ipadikit ito sa pisara. Magbabahagi ang pangkat ng kanilang output.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang naramdaman ninyo nang matapos gawin ang inyong output?<br>2. Bakit ganito ang bihis ng manika ninyo?<br>3. May kilala ba kayong tao sa inyong komunidad/lipunan na tulad sa manika ninyo? Sino siya?<br><br>Paalaala:<br>1.Sabihin sa mga bata na maaaring maglagay ng mga accessories sa kanilang manika, tulad ni Uwang Ahadas dapat may instrumentong gamit kung saan siya nakilala. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mahahalagang tao sa larangan ng politika at edukasyon).<br><br>*(Para sa mga IPEd implementing schools naman, sa IPs views, ang mga culture bearers or IKSPs bearers ay itinuturing nilang mga guro na magpapasa ng mga kasanayan at kaalaman sa mga IP learners kung kaya't sila ay itinuturing ding mga guro).* | Ano-anong sining ang ipinakita ninyo?<br><br>May nakita ka bang mamamayan na nagmalasakit sa kapwa sa pamamagitan ng pagseserbisyo sa mga mahihirap?<br>Ano naman ang turing mo sa mga tao na nagpasikat sa iyong komunidad sa larangan ng sining?<br>(Gawing batayan ang kalakip na teksto) | larangan ng pampalakasan.<br><br>(Gawing batayan ang kalakip na sanaysay tungkol sa mga katangian at naging tagumpay ng mga mahahalagang tao sa larangan ng pampalakasan at kalusugan) | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawain:<br>Ipabasa ang mga naging kontribusyon o ambag ng mga mahahalagang tao sa larangan ng politika at edukasyon sa kalakip na Learning Activity Sheet pahina ___ .<br><br>Itanong:<br>Sino-sino ang nasa larawan?<br>Bakit sila itinuturing na mahahalagang tao sa ating komunidad?<br><br>Ano-ano ang naging ambag o kontribusyon nila sa ating komunidad? | Gawain:<br>Ipabasa ang mga naging kontribusyon o ambag ng mga mahahalagang tao sa larangan ng sining at pagkalusugan sa kalakip na Learning Activity Sheet pahina _.<br><br>*Paalaala para sa mga guro:*<br><br>*Magsasaliksik ang guro ng mga mahahalagang tao sa larangan ng sining na matatagpuan sa komunidad ng kanilang mag-aaral.* | Gawain:<br>Ipabasa sa mga mag- aaral ang nakahandang babasahin tungkol sa mga naging kontribusyon o ambag ng mga mahahalagang tao sa larangan ng pampalakasan sa kalakip na Learning Activity Sheet pahina ________.<br><br>*Paalala para sa mga guro:*<br>*Ang mga guro ay gagamit ng mga larawan ng mahahalagang tao*<br>*sa kanilang komunidad.* | Ipabasa ang mga kaisipan:<br><br>Ang bawat komunidad, lalawigan/rehiyon ay may kani-kaniyang maituturing na mahahalagang tao na bahagi ng kasaysayan dahil sa kanilang mga katang- tanging pagganap.<br><br>Maipakikita ang kabayanihan sa iba't ibang larangan, di lamang sa paglaban sa digmaan. Maaaring ito ay sa larangan ng edukasyon, agham, sining at iba pa. Nararapat nating ipagmalaki at gunitain ang mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Nakilala rin ba sila sa inyong lungsod o lalawigan? Rehiyon?<br><br>Paano naman sila kinilala ng inyong lalawigan/rehiyon?<br><br>*Tala para sa guro:*<br>*Gumamit ng mga larawan ng mga mahahalagang tao sa larangan ng politika at edukasyon sa sariling komunidad.* | Pamprosesong Tanong:<br><br>1. Sino-sino ang mga tinalakay sa sanaysay?<br><br>2. Sa anong sining nakilala ang bawat isa?<br><br>3. Paano sila nakilala sa komunidad?<br><br>4. Paano ang ginawang pagkilala ng pamahalaan sa mga mahahalagang tao sa larangan ng sining?<br><br>5. Paano mo naman pahahalagahan ang mga ambag ng mga mahahalagang tao sa iyong komunidad? | Pamprosesong Tanong:<br><br>Sino sino ang binanggit na mahahalagang tao sa sanaysay?<br><br>Sa anong lalawigan /rehiyon sila nagmula? Dapat ba nating ipagmalaki sila?<br><br>Paano sila nakatulong sa ating komunidad?<br><br>Paano mo bibigyang- halaga ang kanilang naiambag sa rehiyon? | mabubuting ginawa nila para sa bayan. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawain: **GUESS WHO**?<br>Panuto: Hulaan kung sino ang GUEST na ipakikita ko sa ere (TV o Larawan) Sabihin ang buong pangalan .<br>1. Larawan ni Uwang Ahaddas<br>2. Larawan ni Vicente Lim<br>3. Larawan ni Bishop Querexeta<br>4. Larawan ni Luis R Biel II | Gawain 2: **Show and Tell**<br>Panuto:<br>1. Maghahanda ang guro ng mga larawan ng mga mahahalagang tao sa larangan ng sining at kalusugan.<br>2. Tumawag ng bata at papiliin ng larawan ng mga kilalang tao sa komunidad | Gawain 1: **ReacTion Ko!**<br>Maghahanda ng mga larawan ng mga mahahalagang tao sa komunidad ang guro.<br>Panuto:<br>Pumili ng larawan ng mga tao sa larangan ng pampalakasan o kalusugan.<br>Lagyan ng reaksiyon ang mga larawan gamit | |
| | 5. Larawan ni Cuevas | 3. Sabihin ang kanilang naging kontribusyon sa komunidad. | ang mga emoticons sa ibaba. Isulat ang inyong comment pagkatapos.<br> | |

<table>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</td>
<td>Gawain:<br>Laro: “Ipasa ang Bola”<br><br>Pagsasagawa ng larong “Ipasa ang bola”<br>1. Gagawin ito sa pamamagitan ng pagpasa ng bola sa saliw ng isang musika.<br><br>2. Sa pagtigil ng tugtog, ang sinomang may hawak nito ay bubunot ng pangalan ng mahahalagang tao sa komunidad.<br><br>3. Magbibigay ng impormasyon o naging kontribusyon nito sa komunidad.</td>
<td>Gawain:<br>Concept Map<br>Panuto:<br>1. Gamit ang mga concept map, ibigay ang pangalan ng mga mahahalagang tao sa larangan ng sining na may kaugnayan sa mga salitang makikita sa kahon.<br><br><br><br><br>Pamprosesong Tanong:<br><br>Bilang mag- aaral, paano mo pahahalagahan ang mga ambag sa sining ng mga kilalang tao sa iyong komunidad?</td>
<td>Gawain:<br><br>Panuto: Pumili ng isang mahalagang tao sa sariling komunidad /lalawigan/ rehiyon at punan ang talahanayan ng hinihinging impormasyon:<br><br>
<table>
<tr><th>Mahalagang Tao sa Sariling Komunidad / Lalawigan / Rehiyon na nais Tularan</th><th>Kahanga – hangang Gawain</th><th>Katangiang na nais Tularan</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>Pamprosesong Tanong:<br><br>Sino ang napili mong bayani o mahalagang tao?<br>Ano ang mahahalagang impormasyon tungkol sa kaniya ?<br>Ano ano ang naiambag niya sa lalawigan at rehiyon?<br>Ano ano ang kaniyang mga katangian?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Bilang isang mag- aaral<br>, ano kaya ang magagawa mo upang higit siyang makilala sa inyong lalawigan / rehiyon? | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Punan ang dialog box ng hinihinging impormasyon upang makumpleto ang diwa.<br><br>Lalaki: Kinikilala natin bilang bahagi ng kasaysayan ng ating komunidad ang mga mahahalagang tao at dahil sa ____________________ ___________________________.<br><br>Babae: Ang mga mahahalagang tao sa larangan ng politika at edukasyon aming komunidad ay sina ______________, ______________, ______________, ______________.<br><br>Lalaki at Babae:<br>Sila ay tinaguriang mahahalagang tao na bahagi ng kasaysayan sapagkat sila ay _______________. | Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot.<br>1. Kinilala si __________ bilang *National Living Treasure ng National Commission for Culture and the Arts* noong taong 2000.<br>*2.* Si ______________ay isang *music composer na lumikha ng himno ng Lalawigan ng Basilan na pinamagatang "O Fair Basilan".*<br>3. Si Datu Halun Bada Asakil ay may dugong bughaw mula Sulu at isa sa mga nangunguna ng magpapanday ng ___________________.<br>4. Si _____________ay binigyan ng *National Living Treasure Award* ng Pilipinas sa pamamagitan *ng National Commission for Culture and the Arts* noong 2016. | **Gawain: Sulok Isports!**<br>Pagsulat ng Balitang Pampalakasan<br>Panuto:<br>1. Sumulat ng 2-3 talata tungkol sa inyong paboritong tao sa larangan ng kalusugan o pampalakasan sa inyong komunidad.<br>2. Ilarawan ang kaniyang mga katangian.<br>3. Pagkatapos, ibahagi ito sa iyong katabing kamag-aral. | Gawain 1:<br>Panuto:<br>Punan ang Factstorming Web ng mga hinihinging Impormasyon.<br><br>(Tingnan ang kalakip na Learning Activity Sheet). |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pamprosesong Tanong:<br><br>Bilang mga mag-aaral, ano ang mainam na gagawin mo upang maipakita mo na pinapahalagahan mo ang mga taong ito sa iyong komunidad? | 5. Si Josephine Estrada Brown ay maraming national beauty titles nasalihan bago siya naging ____________.<br><br>Bakit mahalaga ang iyong kaalaman tungkol sa mga mahahalagang tao ng iyong komunidad?<br><br>Paano mo naman pahahalagahan ang mga ambag ng mga mahahalagang taong ito? | Bilang mag-aaral, kung ikaw ay may talento sa anomang isports, paano mo gagamitin ang talentong ito? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Gawain<br><br>Panuto:<br>Suriin at piliin ang wastong sagot sa kahon batay sa katangian ng mahahalagang tao sa pangungusap sa ibaba.<br><br>Luis R Biel II Candu<br>Muarip Uwang Ahaddas<br>Ambalang Ausalin<br>Bishop Querexeta<br>Vicente Alvarez<br><br>1. Naging guro sa Musika ng Our Lady of Fatima High School.<br>2. Dahil sa kaniyang turo marami sa kaniyang mga estudyante ang nagwagi sa | Gawain: **PintaHusay!**<br>Pangkatang Gawain Panuto:<br>1. Gamit ang parehong pangkat, pipili ang pangkat ng isang tao na gusto nila.<br>2. Pagtulong- tulungan ng mga kasapi ng pangkat ang pagguhit ng mga gawang sining ng napiling mahalagang tao.<br>3. Pipili ang bawat pangkat ng mga tagasalaysay ng nabuong sining at ibahagi ito sa klase.<br><br>*(Gamitin ang kalakip na rubrics sa pagtataya).* | Gawain: **Crossword Mo!**<br><br>Panuto:<br><br>1. Basahing mabuti ang mga pahayag at tukuyin ang mga salitang inilalarawan sa ibaba.<br>2. Isulat ang inyong sagot sa crossword puzzle.<br><br>Pababa:<br>1. babaeng kilala sa weightlifting<br>2. beterinaryo na may mabuting kalooban<br><br>Pahalang: | Gawain Panuto:<br>1. Ipangkat sa apat ang mag-aaral.<br>2. Gumawa ng isang likhang sining na naglalarawan sa mahagang tao sa iyong sariling komunidad/ lalawigan / rehiyon na nais ninyong tularan.<br>3. Pabunutin ang pangkat ng kanilang gagawing sining. Ang mga sumusunod ang ipapagawa sa mga mag-aaral:<br>a. Poster c. Mosaic<br>b. Collage d. Paper Folding<br>2. Ipaliwanag o bigyan ng interpretasyon ang mensaheng ipinaaabot ng ginawa mong likhang sining.<br>3. Gamitin ang rubric sa paggawa ng likhang sining para sa pagtatasa nito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga paligsahan sa pagtugtog.<br>3. Unang Yakan-Samal-Tausug na umupo sa Malacañang bilang isang miyembro ng gabinete.<br>4. Unang alkalde nang maging ganap na isang lungsod ang Isabela.<br>5. Mahusay na maghahabi ng *tennun*. | | 1. Aquaman ng Mindanao<br>2. kilala na may dedikasyon sa boksing<br>3. Nangungunang kompetisyon sa isports sa buong mundo<br><br>*(Tingnan ang kalakip na activity sheets para sa gawain)* | Pagbuo ng mosaic: Panuto:<br>1. Gamit ang mga basag na piraso ng itlog, bumuo ng isang larawan na iyong napiling mahalagang tao sa iyong komunidad.<br>2. Gawin ito sa isang short bond paper.<br>3. Kapag nabuo na ang imahe ng napili mong tao, lagyan mo na ito ng kulay gamit ang water color o poster paint o kung anong mayroon ka.<br>4. Sa ibaba isulat kung sino ang mahalagang tao na bahagi ng kasaysayan ang iyong napili at bakit siya ang iyong napili.<br>*Gamitin ang kalakip na rubrics sa pagtataya ng mga gawain ng mga mag-aaral* |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: 

______________________
Guro

Nirebyu ni:

______________________
Master Teacher / Head Teacher


Pinagtibay ni:

______________________
School Head



Ang mga mahahalagang tao hindi lamang sa pakikipaglaban at pagbubuwis ng buhay para sa bayan kundi nababatay din sa mga naging kontribusyon nila sa komunidad. Dahil sa kanilang talino at kakayahan ,naging bahagi sila ng kasaysayan ng kanilang komunidad.


Maraming paraan kung paano magiging isang mahalagang tao sa komunidad. Sa kasalukuyan, hindi lamang pagbubuwis ng buhay ang dahilan upang makilala at maging katangi-tangi. Mayroon ding naging tanyag dahil sa angking talino sa sining at maging sa larangan ng kalusugan.

Tunghayan natin ang mga mahahalagang tao sa ating komunidad na naging bahagi ng kasaysayan nito.

| **Mahahalagang Tao at ang kanilang Katangi-tanging Gawain sa Aking Komunidad** | | | |
|---|---|---|---|
| **Larangan ng Politika** | **Larangan ng Edukasyon** | **Larangan ng Sining** | **Larangan ng Kalusugan** |
| <br>Si Luis R Biel II ang naging unang alkalde ng maging ganap na isang lungsod ang Isabela. Marami ang naging ambag at kontribusyon niya sa kung kaya't kinilala ang Lungsod ng Isabela bilang nangunguna sa Lalawigan ng Basilan.<br><br>Dahil sa kaniyang mabuting gawa, sa bisa ng Ordinansa No.19-544 idineklara ang Marso 3 bilang Dia de Biel bilang pagkilala sa walang kapantay na | <br>Si Bishop Querexeta ay ipinanganak noong Disyembre 10, 1921 sa Azpeitia, Guipuzcoa sa Basque, rehiyon ng Espanya. Pumasok siya sa seminaryo sa edad na labing-isa at nangarap na maging misyonero sa mga banyagang rehiyon.<br><br>Noong Pebrero 19, 1964, si Bishop Jose Maria Querexeta y Mendizabal, CMF, DD ay iniluklok bilang unang Obispo ng Prelatura. | <br>Si Josephine Estrada Brown ay maraming national beauty titles nasalihan bago siya naging artista.<br><br>Nakatanggap siya ng maraming karangalan at itinalaga bilang opisyal na Ambassador of Goodwill noong 1965 para sa Berlin Film Festival at eksklusibong kinatawan sa David de Donatello Film Festival. | <br>Si Anton Mari Lim ay isang beterinaryo, negosyante at humanitaryo ng Lungsod ng Zamboanga. Tagapag-ugnay siya ng Tzu Chi Foundation.<br><br>Dahil sa nakita niyang kalagayan ng mga batang mag-aaral na lumalangoy papuntang paaralan, naghingi siya ng tulong sa mga kaibigan at namuno sa isang proyekto, ang Yellow Boat of Hope |

| | | | |
|---|---|---|---|
| paglilingkod at sakripisyong nagawa niya para sa komunidad ng Isabela. | Noong Pebrero 16, 1964, ipinagdiwang niya ang kaniyang unang pormal na mataas na misa nang lumipat siya sa Isabela, Basilan at bihasang guro sa Musika ng Our Lady of Fatima High School. | Kasalukuyang nakahimlay sa Panunsulan,Isabela City Basilan ang kaniyang mga labi. | Foundation. Tinulungan niya ang mga bata na magkaroon ng bangka sa komunidad nang sa gayon ito ay ligtas sa pagpasok sa paaralan. Ang proyektong ito ang nagbigay ng pag-asa sa mga bata at magulang. |
| <br>Si Candu I Muarip ay ipinanganak noong Enero 24, 1939 sa siyam na magkakapatid at tanging pinalad na makapag-aral. Siya ay isa sa mga assemblymen na sumapi sa Edsa Revolution at kalaunan ay hinirang sa posisyon na Ministro o Kalihim ng Muslim Affairs at Cultural Minorities.<br>Naging unang Yakan-Samal-Tausug na umupo sa Malacañang bilang isang miyembro ng gabinete. Naka-tatlong termino siyang kinatawan ng Basilan sa Kongreso at kasalukuyan siya ay naninilbihan bilang Konsehal ng Lungsod ng Isabela. | <br>Si Uwang Ilul Ahadas ay kabilang sa Indigenous Peoples na magaling na musikero mula sa Bohe Bessey, Lamitan Basilan.<br>Dahil sa pagkilala sa kaniya bilang dalubhasa sa pagtugtog at may malalim na pag-unawa sa kultura ng Yakan, karamihan sa komunidad ay kaniyang naging estudyante. Marami rin sa mga ito ang nagwagi sa taunang patimpalak sa musika ng Lami-lamihan Festival ng Lamitan. | <br>Si Tranquilino Gregorio ay isang *music composer,* kabilang na dito ang Basilan Anthem na “O Fair Basilan” na kaniyang nilikha at ang Basilan Querrida. Ang Mi Ciudad de Zamboanga na isang awit na nauugnay kay Mayor Maria Clara Lobregat ay kaniyang ding komposisyon.Ang kantang “O Fair<br>Basilan” ay himno ng Pamahalaang Panlalawigan ng Basilan hanggang ngayon. | <br>Kilala bilang 'Aquaman of Mindanao,' si Jairulla Ambali Jaitulla ay isang kilalang Pilipinong manlalangoy ng ilang dekada. Nagsimula ang karera ni Jaitulla sa Olympics sa edad na 18 nang sumabak siya sa Palarong Olympics sa noong 1972 sa Munich, Germany.<br>Labing-tatlong beses niyang nakuha ang titulo ng Southeast Asian Games at minsan ay nasungkit ang prestihiyosong kampeonato ng Pan Pasipiko.<br>Binigyang diin niya ang kahalagahan ng pagmamahal at pasasalamat sa mga magulang. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Ang kahanga-hangang kakayahan ni Uwang bilang musikero at guro ay nagdala sa kaniya sa maraming lugar sa Pilipinas at ibang bansa.<br><br>*Isa sa mga estudyante ni Ahadas sa pagtugtog* | | |
| <br>Si Pedro Javier Cuevas ay kilala sa tawag na Datu Kalun.<br><br>Siya ay taga- Cavite at napadpad lang sa Lamitan dahil ito ay nakatakas sa bilangguan. Naging kilala siya dahil tinulungan niya ang mga mamamayan ng komunidad ng Lamitan na labanan ang mga kalaban na nais sumakop dito.<br>Hanggang siya ay nakapag-asawa ng | <br>Si Ambalang Ausalin ay ipinanganak noong March 4, 1943 at isa ring IP kabilang sa pangkat ng mga Yakan. Kilala siya bilang Apuh Ambalang sa kaniyang komunidad. Dahil sa kaniyang husay sa paghahabi ng *tennun*, telang Yakan, siya ay naging kilala at tanyag hindi lang sa kaniyang komunidad kundi pati sa buong bansa. | <br>Si Uwang Ahadas ay kinilalang master ng tradisyonal na instrumento ng Indigenous Peoples na Yakan. Iba't ibang uri ng instrumento ang kaya niyang patugtugin. Ilan sa mga ito ay ang *kwintangan, agung, gabbang* (isang uri ng xylophone mula sa kawayan) at iba. Dahil sa angking talento, Kinilala si Ahadas bilang National Living Treasure | <br>Si Hidilyn Diaz ay isang Pilipinang Olimpikong manlalaro ng pagbuhat ng mga pabigat mula sa Lungsod ng Zamboanga.<br><br>Siya ang kauna-unahang Filipina weightlifter na kumalaban sa dalawang consecutive Olympics upang maka- pasok sa women's weightlifting under 58kg upang makarating sa Continental at World Qualifying Tournaments. Ito |

| | | | |
|---|---|---|---|
| isang katutubong Yakan. Pinamunuan niya ang mga katutubo dito.<br> | Upang maipagpatuloy ang kultura at maipasa sa susunod na henerasyon, sinimulan niyang turuan ang kaniyang anak at mga pamangkin. Dahil sa kaniyang pagtuturo marami mga bata ang natuto sa paghahabi sa murang edad.<br> | <br>Si Ambalang Ausalin ay isang *pandey megtetennun*<br>(dalubhasang manghahabi), manghahabi ng *tennun o* telang Yakan.<br><br>Ang kaniyang mga disenyo ay hango lamang mula sa kaniyang imahinasyon sa kapaligiran. | ang kauna unahang gintong medalyang nakuha ng isang atletang Pilipino mula nang sumali ang bansa sa Olimpiko noong 1924. Lahat ng tagumpay na ito ay kaniyang nakamit dahil sa kaniyang sipag, tiyaga at pangarap para sa kaniyang pamliya.<br> |
| Si Vicente S. Alvarez ay isang Zamboangeňo na Heneral ng rebolusyonaryo ng militar na pangulo sa digmaang laban sa mga Espanyol sa Zamboanga.<br>Siya ang unang pangulo ng Republika ng Zamboanga noong Mayo 18,1899 hanggang Nobyembre 4,1899 na kilala ngayon bilang Lungsod ng Zamboanga.<br>Ating ipagmalaki ang kaniyang nagawa bilang bahagi ng ating rehiyon. | | Si Ausalin ay binigyan ng National Living Treasure Award ng Pilipinas sa pamamagitan ng National Commission for Culture and the Arts noong 2016. | Si Eumir Marcial ay tubong Zamboanga City.<br><br>Nanalo si Marcial sa 2011 International Boxing Association Junior World Championships sa loob ng tatlong taon matapos siyang mag- training sa unang pagkakataon. Ginawaran siya ng Best Asia Youth Boxer of the Year noong 2013. Nakuha ni Marcial ang gintong medalya sa kaniyang weight class sa<br>2015 Southeast Asian Games, at |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | <br><br>Si Datu Halun Bada Asakil ay may dugong bughaw mula sa Sulu at isa sa mga nangunguna ng magpapanday ng itak noong 1960's. Naglaan siya ng malaking oras sa paglinang ng kaniyang kasanayan at kaalaman upang makabuo siya ng mga kakaibang disenyo ng mga itak.<br><br><br>*Mga halimbawa ng mga ilan sa mga nagawa ni Datu Halun na itak.* | nakakuha ng silver medal sa ASBC Asian Confederation Boxing Championships.<br><br>Kinikilala si Marcial sa kaniyang dedikasyon sa boksing mula sa murang edad at sa kaniyang mga adhikain na makamit ang tagumpay para sa kaniyang pamilya at bayan. |

Rubric para sa Poster Making, Collage at Mosaic

| Pamantayan | 10 Puntos | 7-9 Puntos | 4-6 Puntos | 1-3 Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kaayusan | Malinis at maayos; walang gusot, punit o mantsa | Bahagyang may dumi o gusot, pero maayos pa rin. | May ilang gusot,punit o bahagyang magulo. | Magulo, maraming gusot, punit o dumi. |
| Pagkamalikhain | Orihinal at malikhaing disenyo na nagpapakita ng pagkamalikhain | Maganda at maayos ang disenyo, ngunit may ilang bahagi na pangkaraniwan. | Karaniwang disenyo na walang masyadong malikhain na element. | Walang masyadong disenyo o pagsisikap sa malikhaing aspeto |
| Pangkalahatang Presentasyon | Maganda, maayos, at kaaya- ayang tingnan | Maganda ngunit may bahagyang kakulangan. | May ilang kakulangan sa detalye at ayos. | Hindi maayos at kulang sa detalye. |

Rubric para sa Paper Folding

| Pamantayan | 10 Puntos | 7-9 Puntos | 4-6 Puntos | 1-3 Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kaayusan | Malinis at maayos ang bawat tiklop; walang punit o dumi. | Bahagyang may gusot pero maayos pa rin. | May ilang gusot o hindi pantay na tiklop. | Magulo, may punit, o maraming gusot. |
| Pagsunod sa Instruksyon | Tamang-tama ang pagkakatiklop ayon sa direksyon. | Nahagyang may pagkakamali pero halos tama ang anyo. | May ilang mal isa pagkakatiklop na nakakaapekto sa anyo. | Hindi nasunod ang tamang paraan ng pagtiklop. |
| Pagkamalikhain | Natatangi at malikhaing pagkakatiklop, maaaring may dagdag na disenyo. | Maganda ang disenyo pero hindi masyadong natatangi. | Karaniwang disenyo na walang masaydong pagka-malikhain. | Walang disenyo o kulang sa pagsisikap. |